



Fred Hutch
Cancer Center

Orihinal na Pag-apruba 8/17/2001

Nagkabisa 1/31/2024

Susunod na Pagsusuri 1/30/2025

Sponsor Rowena Fish: Direktor ng Cycle ng Kita

Pangasiwaan

Seksyon ng Patakaran Cycle ng Kita

Pagiging Angkop Outpatient ng FHCC At Montlake

Mga reference Org Wide/ Institusyonal

Tulong Pinansyal ng FIN603 - 8173037

SAKLAW:

Nalalapat ang patakaranang ito sa lahat ng pasilidad sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga outpatient at inpatient na bahagi ng Fred Hutchinson Cancer Center ("Fred Hutch") at sa lahat ng agaran at iba pang medikal na kinakailangang serbisyong ibinigay ng Fred Hutch. Makikita ang listahan ng mga lokasyong saklaw ng patakaranang ito sa Appendix I - Listahan ng Mga Saklaw na Provider at Serbisyo.

Dapat bigyang-kahulugan ang patakaranang ito sa paraang naaayon sa Seksyon 501(r) ng Kodigo sa Panloob na Kita ng 1986, gaya ng binago. Kung sakaling magkaroon ng hindi pagkakasundo sa pagitan ng mga probisyon ng naturang mga batas at ng patakaranang ito, dapat mangingibabaw ang mga naturang batas.

LAYUNIN:

Ang layunin ng patakaranang ito ay tiyaking makakatanggap ng naaangkop na mga serbisyong medikal na nakabatay sa ospital ang mga pasyente ng Fred Hutch na nasa o malapit sa pederal na antas ng kahirapan sa halagang nakabatay sa kanilang kakayahang magbayad.

Ibinibigay ang tulong pinansyal sa mga pasyenteng ito batay sa pangangailangan ng pamilya. Para maprotektahan ang integridad ng mga operasyon ng Fred Hutchinson Cancer Center at matupad ang pangakong ito, itinatag ng Fred Hutchinson Cancer Center ang sumusunod na mga pamantayan para sa pagkakaloob ng tulong pinansyal, na naaayon sa mga kinakailangan ng Kabanata 246-453 WAC, Kabanata 70.170 RCW, 26 USC §501(r) at SHB-1616.

Ipagkakaloob ang Tulong Pinansyal sa lahat ng kwalipikadong tao anuman ang edad, lahi, kulay, relihiyon, kasarian, gender, sekswal na oryentasyon o bansang pinagmulan.

MGA KAHULUGAN:

- Ang "**mga halagang karaniwang sinisingil (amounts generally billed, AGB)**" ay nangangahulugang hindi sisingilin nang mas mataas para sa pangangalaga ang mga pasyenteng kwalipikado sa tulong pinansyal kaysa sa mga halagang karaniwang sinisingil sa mga indibidwal na may insurance na sumasaklaw sa naturang pangangalaga.
- Ang "**Aplikante**" ay ang pasyente o partido na responsable sa pagbabayad.
- Ang "**naaangkop na mga serbisyong medikal na nakabatay sa ospital**" ay ang mga serbisyo ng ospital na makatuwirang kinakalkula para suriin, itama, pagalingin, pagaanin, o pigilan ang paglala ng mga kondisyong nagsasapanganib sa buhay, o nagdudulot ng pagdurusa o pananakit, o nagreresulta sa karamdaman o kahinaan, o nagbabantag magdulot o magpalala ng kapansanan, o nagdudulot ng pisikal na depormidad o hindi paggana, at walang ibang kasing-husay na mas konserbatibo o hindi gaanong magastos na kurso ng paggamot na magagamit o angkop para sa taong humihiling ng serbisyo. Para sa layunin ng kahulugang ito, ang "kurso ng paggamot" ay maaaring kinabibilangan ng pagsusubaybay lang o, kung naaangkop, walang anumang paggamot.
- Ang "**pamilya**" ay isang grupo ng dalawa o higit pang tao na may kaugnayan sa kapanganakan, kasal, o pag-aampon na magkasamang nakatira; itinuturing ang lahat ng kaugnay na tao na mga miyembro ng isang pamilya
- Ang "**tulong pinansyal (pangangalaga sa kawanggawa)**" ay naaangkop na mga serbisyong medikal na nakabatay sa ospital na ibinibigay sa mga indigent na tao.
- Ang "**kita**" ay kabuuang natanggap na cash bago ang mga paglalapat ng buwis na nakukuha mula sa mga sahod at suweldo, pagbabayad para sa kapakanan, pagbabayad sa Social Security, benepisyo ng welga, benepisyo sa kawalan ng trabaho o kapansanan, suporta sa bata, sustento, at net na kita mula sa mga aktibidad sa negosyo at pamumuhunan na binayad sa indibidwal.
- Ang "**mga indigent na tao**" ay ang mga pasyente o tagagarantiyang kwalipikado para sa pangangalagang pangkawanggawa batay sa pederal na antas ng kahirapan, na iniangkop para sa laki ng pamilya, at mga taong naubos ang anumang third-party na coverage.
- "**Third-Party na Coverage**" - Isang obligasyon sa bahagi ng kompanya ng insurance, kontratista ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, organisasyon sa pagpapanatili ng kalusugan, panggrupong planong pangkalusugan, programa ng gobyerno, mga benepisyo sa kalusugan ng tribo, o ministeryo sa pagbabahagi ng pangangalagang pangkalusugan gaya ng tinukoy sa 26 U.S.C. Seksyon 5000A na magbabayad para sa pangangalaga ng mga saklaw na pasyente at serbisyo, at maaaring kabilang ang mga kasunduan, paghahatol, o gawad na aktwal na natanggap na may kaugnayan sa mga kapabayaang ng iba na nagreresulta sa medikal na kondisyon kung saan nakatanggap ang pasyente ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ng ospital. Hindi dapat manatiling obligasyon ng ospital ang pendency ng naturang mga kasunduan, paghahatol, o gawad para isaalang-alang ang kwalipikadong pasyente para sa pangangalaga sa kawanggawa.

PATAKARAN:

Mga Pamantayan sa Pagiging Kwalipikado para sa Tulong Pinansyal:

Ang mga sumusunod na pasyente ay maaaring maging kwalipikado para sa tulong pinansyal sa ilalim ng patakarang ito:

1. Mga pasyenteng humihiling ng naaangkop na mga serbisyong medikal na nakabatay sa ospital; at
2. Mga pasyenteng **hindi** humihiling ng elektibo, pansiyasat, o pang-eksperimentong paraan ng paggamot.

Ang Tulong Pinansyal ay karaniwang pangalawa sa lahat ng iba pang mapagkukunan ng third-party na coverage na available para sa pasyente. Kabilang dito ang:

1. Panggrupo o pang-indibidwal na mga planong medikal
2. Mga programa sa kompensasyon ng mga manggagawa.
3. Medicare, Medicaid o iba pang programa sa tulong medikal.
4. Iba pang programa ng estado, pederal na pamahalaan, o militar.
5. Mga sitwasyon na pananagutan ng third-party. (hal.: mga aksidente sa sasakyan o personal na pinsala).
6. Mga benepisyo sa kalusugan ng tribo.
7. Ang ministeryo sa pagbabahagi ng pangangalagang pangkalusugan gaya ng tinukoy sa 26 U.S.C. Seksyon 5000A.
8. Iba pang sitwasyon kung saan ang ibang tao, entidad, ahensya ng gobyerno o embahada ay maaaring may legal na responsibilidad na bayaran ang mga gastos sa mga serbisyong medikal.

Nakikipagtulungan din ang tauhan ng Fred Hutchinson Cancer Center sa mga pasyente/pamilya na walang naaangkop na Third- Party na Coverage para matasa kung ang mga naturang pasyente/pamilya ay maaaring maging kwalipikado para sa mga programa sa tulong medikal sa Washington (hal., Apple Health) at/o coverage sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng Pagpapalitan ng Benepisyo sa Kalusugan ng Washington (RCW 43.71) o anumang iba pang programa ng Medicaid ng estado.

Bilang bahagi ng proseso ng aplikasyon para sa tulong pinansyal para sa pagtukoy ng pagiging kwalipikado para sa tulong pinansiyal, magtatanong ang Fred Hutchinson Cancer Center kung nakakatugon ang isang pasyente o ang kanyang tagagarantiya sa mga pamantayan para sa coverage sa pangangalagang pangkalusugan sa ilalim ng mga programa ng tulong medikal sa ilalim ng kabanata 74.09 RCW o ng Pagpapalitan ng Benepisyo sa Kalusugan ng Washington.

Kung nagsasaad ang impormasyon sa aplikasyon na ang pasyente o ang kanyang tagagarantiya ay kwalipikado para sa coverage, tutulungan namin ang pasyente o ang kanyang tagagarantiya sa pag-apply sa pamamagitan ng, bukod sa iba pang bagay, pagbibigay sa pasyente/pamilya ng impormasyon tungkol sa proseso ng aplikasyon, pagtulong sa mga pasyente sa pamamagitan ng proseso ng aplikasyon, pagbibigay ng mga kinakailangang form na dapat kompletuhin, at/o pagkonekta sa pasyente/pamilya sa ibang ahensya o mapagkukunan na maaaring makatulong sa pasyente/pamilya sa pagkompleto ng mga naturang aplikasyon. Sa pagbibigay ng tulong sa proseso ng aplikasyon, isasaalang-alang namin ang anumang kakulangan sa pisikal, pag-iisip, intelektwal, pandama o mga hadlang sa wika na maaaring makahadlang sa pasyente o sa kanyang tagagarantiya sa pagsunod sa mga pamamaraan ng aplikasyon at hindi magpapataw ng mga pamamaraan sa pasyente o tagagarantiya na bubuo ng hindi makatuwirang pasanin.

Kung mabigo ang pasyente o tagagarantiya na gumawa ng makatuwirang pagsisikap na makipagtulungan sa Fred Hutchinson Cancer Center sa pag-apply para sa coverage sa ilalim ng kabanata 74.09 RCW o ng Pagpapalitan ng Benepisyo sa Kalusugan ng Washington, hindi kami obligadong magbigay ng tulong pinansyal sa naturang pasyente.

Kung ang isang pasyente o ang kanyang tagagarantiya ay malinaw o tiyak na hindi kwalipikado o itinuring na hindi kwalipikado para sa coverage sa pamamagitan ng mga programang tulong medikal sa ilalim ng kabanata 74.09 RCW o Pagpapalitan ng Benepisyo sa Kalusugan ng Washington sa nakaraang 12 buwan, hindi aatasan ng Fred Hutchinson Cancer Center ang pasyente o ang kanyang tagagarantiya na mag-apply para sa naturang coverage.

Kung malinaw ang pagiging kwalipikado ng pasyente para sa tulong pinansyal, maaaring piliin ng Fred Hutchinson Cancer Center, sa sarili nitong pagpapasya, na talikdan ang ilan sa o lahat ng kinakailangan sa dokumentasyon at pag-verify. Ang mga halimbawa ng mga pangyayari kung saan maaaring malinaw ang pagiging kwalipikado ng pasyente para sa tulong pinansyal ay ang mga sumusunod:

1. Isang pasyente o tagagarantiyang nagdeklara ng pagkabangkarote at isinama ang utang sa Fred Hutchinson Cancer Center sa pagkabangkarote;
2. Isang pasyente o tagagarantiyang namatay nang walang materyal na pag-aari;
3. Isang pasyente o tagagarantiyang natukoy na walang tirahan; o
4. Mga account na ibinalik ng ahensya ng pangongolekta bilang hindi makolekta dahil sa alinman sa mga dahilan sa itaas.

Gagamitin ang pagpapasya ng tauhan ng Fred Hutchinson Cancer Center sa mga sitwasyon kung saan umiiral ang mga salik tulad ng mga isyu sa lipunan o kalusugan. Idodokumento ang mga naturang isyu para suportahan ang pagsasaalang-alang sa tulong pinansyal.

Mga Pamantayan sa Pananalapi:

Alinsunod sa WAC 246-453-040, ang laki at kita ng pamilya ng aplikante ay susuriin at tutukuyin ang Porsyento ng Pederal na Antas ng Kahirapan (Federal Poverty Level, FPL), ang porsyentong ito ang magpapasya sa antas ng tulong pinansyal na igagawad batay sa petsa ng serbisyo. Makikita ang mga pamantayan para sa gawad ng tulong pinansyal sa Appendix II – Mga Pamantayan para sa Naka-tier na Mga Gawad para sa Tulong Pinansyal. Magiging kwalipikado ang mga aplikante (mga pasyente o kanilang mga tagagarantiya) para sa tulong pinansyal para sa bahagi ng responsibilidad ng pasyente ng kanilang mga singil sa ospital na katumbas ng hindi nabayarang natitirang balanse pagkatapos maubos ang lahat ng pinagmumulan ng third-party na coverage at sponsorship.

Mailalapat ang pagpapasya ng pagiging kwalipikado para sa tulong pinansyal para sa yugto ng pangangalaga na natukoy sa punto ng pagpapasya. May-bisa sa loob ng anim na buwan ang paggawad ng tulong pinansyal. Kailangang mag-apply ulit ng aplikante kung mangailangan ng karagdagang tulong pinansyal.

Proseso ng Aplikasyon:

Para matiyak ang naaangkop na pangangasiwa sa account ng pasyente, ang mga aplikasyon para sa tulong pinansyal ay dapat hilingin mula sa Mga Serbisyon Pinansyal ng Pasyente o tauhan sa Accounting ng Pasyente. Ang mga form at tagubilin para makompleto ang panghuling pagpapasya ay ibibigay sa aplikante kapag hiniling ang tulong pinansyal, o kapag nagpapahiwatig ang screening sa pananalapi ng potensyal na pangangailangan. Maaaring mag-apply ang mga aplikante para sa tulong pinansyal anumang oras hanggang sa magbigay ang hukuman ng hatol laban sa aplikante para sa mga halagang dapat bayaran.

Ang mga aplikanteng nagsumite ng aplikasyon para sa tulong pinansyal at naunang natukoy na kwalipikado para sa tulong pinansyal ay bibigyan ng 14 na araw ng kalendaryo na kompletuhin ang proseso ng aplikasyon. Ang aplikasyong ito, kasama ang buong paghahayag sa katayuan sa pananalapi ng aplikante kasama ang sumusuportang dokumentasyon, ay isasaalang-alang sa panghuling pagpapasya ng pagiging kwalipikado.

Sususpindihin ng Fred Hutchinson Cancer Center ang mga aktibidad sa pangongolekta habang pinoproseso ang aplikasyon ng tulong pinansyal.

Kung sakaling mabayaran ng aplikante ang bahagi o lahat ng singil ng Fred Hutchinson Cancer Center na may kaugnayan sa naaangkop na mga serbisyon medikal na nakabatay sa ospital at pagkatapos ay matuklasang

natugunan ang mga pamantayan sa tulong pinansyal sa oras na ibinigay ng Fred Hutchinson Cancer Center ang mga serbisyo, ibabalik namin ang mga naturang halaga sa aplikante sa loob ng 30 araw pagkatapos ng desisyon na nag-aapruba sa aplikasyon ng tulong pinansyal.

Pagpapasya sa Pagiging Kwalipikado:

Maaaring hilingin ang dokumentasyon ng kita na nagpapatunay sa impormasyon sa Form ng Aplikasyon para sa Tulong Pinansyal/Pangangalagang Pangkawanggawa. Kapag hiniling, maaaring kasama sa dokumentasyon ng pag-verify ang mga payroll check stub (pinakahuling dalawang buwan). Kung sakaling humiling ang aplikante ng tulong pinansyal para sa mga hindi pa nababayaran singil sa Fred Hutchinson Cancer Center, maaari kaming humiling ng dokumentasyong naaayon sa seksyong ito para i-verify ang kita ng aplikante sa oras na ibinigay ng Fred Hutchinson Cancer Center ang mga serbisyo. Ang anuman sa sumusunod na dokumento ay dapat ituring na sapat na ebidensya kung saan ibabatay ang panghuling pagpapasiya ng pagiging kwalipikado sa tulong pinansyal.

1. Isang "W-2" na withholding statement
2. Mga stub sa pagbabayad
3. Isang pahayag ng buwis sa kita mula sa kamakailang naihaing taon ng kalendaryo
4. Mga form na nag-aapruba o tumatanggi sa pagiging kwalipikado para sa Medicaid at/o tulong medikal na pinondohan ng estado
5. Mga form na nag-aapruba o tumatanggi sa kabayaran sa kawalan ng trabaho
6. Mga nakasulat na pahayag mula sa mga employer o ahensya ng kapakanan

Kung hindi makapagbigay ang aplikante ng alinman sa mga dokumentasyong nakalista sa itaas, maaaring asahan ang isang nakasulat at nilagdaang pagpapatunay mula sa aplikante na nagpapatunay ng kanyang kita.

Hindi isinasaalang-alang ng Fred Hutchinson Cancer Center ang pagkakaroon, pagiging available, o halaga ng mga ari-arian ng pasyente o responsableng partido para sa layunin ng pagtukoy ng pagiging kwalipikado para sa Tulong Pinansyal.

Itatago ang mga kopya ng mga dokumentong sumusuporta sa aplikasyon kasama ng form ng aplikasyon. Ang pagtukoy sa pagiging kwalipikado ay gagawin ng Departamento ng Accounting ng Pasyente at/o ng Departamento ng Mga Serbisyon Pinansyal ng Pasyente.

Magbibigay ang Fred Hutchinson Cancer Center ng panghuling pagpapasya sa pamamagitan ng pagsulat, kasama ang halaga kung saan ang aplikante ay may pananagutan sa pananalapi, sa loob ng 14 na araw pagkatapos matanggap ang lahat ng materyal ng aplikasyon at dokumentasyon. Ang mga pagtanggap, kasama ang batayan para sa pagtanggap, ay isusulat at isasama ang mga sumusunod na tagubilin para sa apela o muling pagsasaalang-alang.

Maaaring iapela ng aplikante ang pagpapasya sa pagiging kwalipikado para sa tulong pinansyal sa pamamagitan ng pagbibigay ng karagdagang pag-verify ng kita o laki ng pamilya sa Punong Opisyal sa Pananalapi sa loob ng 30 araw pagkatapos matanggap ang abiso. Susuriin ang lahat ng apela ng komite ng apela ng Fred Hutchinson Cancer Center para sa huling pagpapasya. Kung pinagtibay ng pagpapasyang ito ang nakaraang pagtanggap ng tulong pinansyal, ipapadala ang nakasulat na abiso sa responsableng partido at sa Departamento ng Kalusugan alinsunod sa batas ng estado.

Kung tinanggihan ang isang kahilingan, walang aktibidad sa pangongolekta ang sisimulan sa loob ng 14 na araw pagkatapos maipalam ang pagtanggap. Kung nakahain ang apela, ititigil ang mga aktibidad sa pangongolekta hanggang sa matapos ang apela.

Hindi naniningil ang Fred Hutchinson Cancer Center sa sinumang aplikanteng tumatanggap ng mga serbisyong saklaw ng Patakaran sa Tulong Pinansyal na ito nang higit sa aming kabuuang halaga ng mga singil o higit pa sa mga halagang karaniwang sinisingil (AGB) sa mga taong may insurance na sumasaklaw sa mga naturang serbisyo sa pamamagitan ng paggamit ng paraan ng pagbabalik-tanaw (look-back) na inilarawan sa seksyon 501(r)(5)(b)(4) ng Kodigo sa Panloob na Kita. Maaaring makatanggap ang mga aplikante ng kopya ng Dokumento ng Impormasyon sa Pagkalkula ng AGB (Appendix III) ng Fred Hutchinson Cancer Center sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa departamento ng Mga Serbisyong Pinansyal ng Pasyente o pagbisita sa website.

Para sa impormasyon tungkol sa mga serbisyong saklaw ng Patakaran sa Tulong Pinansyal ng Fred Hutchinson Cancer Center, pakitingnan ang Listahan ng Mga Saklaw na Provider at Serbisyo (Appendix I) o makipag-ugnayan sa departamento ng Mga Serbisyong Pinansyal ng Pasyente para makatanggap ng kopya.

Ang aming mga kasanayan sa pagsingil at pagkolekta para sa mga halagang hindi saklaw ng mga gawad sa tulong pinansyal ay inilarawan sa Patakaran sa Pagkolekta ng Fred Hutchinson Cancer Center.

Ang access sa pang-emergency na pangangalaga ay hindi maaantala o tatanggihan batay sa kakayahan ng pasyenteng magbayad para sa mga serbisyo o pagpapasya ng katayuan sa pag-sponsor sa indibidwal.

Abiso at Access sa Wika:

Available sa Ingles, Espanyol, Vietnamese, Chinese, Korean, at Russian ang Patakaran sa Tulong Pinansyal ng Fred Hutchinson Cancer Center, Buod ng Patakaran sa Tulong Pinansyal sa Simpleng Wika, Listahan ng Mga Saklaw na Provider at Serbisyo (Appendix I), Mga Pamantayan para sa Mga Naka-tier na Gawad ng Tulong Pinansyal (Appendix II), ang aming Dokumento ng Impormasyon sa Pagkalkula ng AGB (Appendix III), ang aplikasyon para sa tulong pinansyal, at ang Patakaran sa Pagkolekta ng Fred Hutchinson Cancer Center. Maaari kang makatanggap ng kopya ng alinman sa mga dokumentong ito sa pamamagitan ng pagbisita sa aming departamento ng Pagpapayo sa Pananalapi sa Lake Union Clinic ng Fred Hutchinson Cancer Center na matatagpuan sa 825 Eastlake Ave. East, Seattle, Washington, 98109. Maaari ka ring humiling na ipadala o i-email ang isang kopya sa iyo nang walang bayad sa pamamagitan ng pagtawag sa aming departamento ng Mga Serbisyong Pinansyal ng Pasyente sa (206) 606-6226 o sa walang bayad na numero sa 1 (800) 304-1763, o i-email ang mga kahilingan sa fincounsel@fredhutch.org. Maaaring ipadala ang mga nakasulat na kahilingan sa Pagpapayo sa Pananalapi sa 825 Eastlake Ave East, Mailstop: G3-650, Seattle, Washington 98109. Maaari ka ring mag-download ng kopya ng mga dokumentong ito mula sa aming website sa <https://www.seattlecca.org/patients/financial-assistance> laalok namin ang Buod sa Simpleng Wika ng patakarang ito sa bawat taong naghahanap ng mga serbisyong inpatient o outpatient sa ngalan ng kanilang sarili. Magsasama ng nakasulat na abiso ang Fred Hutchinson Cancer Center sa aming mga pahayag sa pagsingil tungkol sa pagkakaroon ng tulong pinansyal sa ilalim ng patakarang ito. Maglalagay ng mga karatula ang Fred Hutchinson Cancer Center sa naaangkop na mga pampublikong lugar sa loob ng ospital na nagpapaalam sa publiko ng Patakaran sa Tulong Pinansyal. Kung naaangkop, makikipagtulungan ang Fred Hutchinson Cancer Center sa mga grupo at organisasyon ng komunidad para magbigay ng mga kopya ng buod ng Patakaran sa Tulong Pinansyal nito sa mga residente sa komunidad.

MGA KINAKAILANGAN:

Hindi Naaangkop

MGA SANGUNIAN:

- 26 USC §501(r)
- Form ng Tulong Pinansyal/Aplikasyon para sa Pangangalaga sa Kawanggawa
- Seksyon 501(r)(5)(b)(4) ng Kodigo sa Panloob na Kita
- Patakaran sa Pagkolekta ng Fred Hutchinson Cancer Center
- Medicare (Titulo XVIII);
- Medicaid (Titulo XIX) (Apple Health ng Washington);
- RCW Kabanata 70.170
- WAC Kabanata 246-453-040
- Listahan ng Mga Saklaw na Provider_FAP Appendix I
- Mga Pamantayan para sa Naka-tier na Mga FA na Gawad_FAP Appendix II
- Sheet ng Impormasyon sa Pagkalkula ng AGB_FAP Appendix III

Mga kalakip

[1610146570-image1.jpeg](#)

[Sheet ng Impormasyon ng Pagkalkula ng AGB_FAP Appendix III.docx](#)

[Listahan ng Mga Saklaw na Provider_FAP Appendix I.docx](#)

[Mga Pamantayan para sa Mga Naka-tier na FA na Gawad_FAP Appendix II.docx](#)

Mga Lagda sa Pag-apruba

Paglalarawan ng Hakbang	Tagaapruba	Petsa
	Natalie Simpson: Tagapamahala ng Patakaran at Mga Kasanayan	1/31/2024
	Jen Griffin: Espesyalista sa Akreditasyon at Mga Gawain sa Regulasyon	1/31/2024
	Rowena Fish: Direktor ng Pamamahala sa Cycle ng Kita	1/31/2024
	Natalie Simpson: Tagapamahala ng Patakaran at Mga Kasanayan	1/31/2024

Pagiging Angkop

Mga Patakaran ng FHCC Montlake, Mga Patakaran ng Outpatient ng FHCC